Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG SETYEMBRE, 2019 SA GANAP NA IKA-10:32 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ---------------- | Pangulo-SKF |

## KAPASIYAHANG BLG. 47 T. 2019

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. SENADOR CYNTHIA AGUILAR VILLAR NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG MGA MAKINANG PANAHIAN (SEWING MACHINES) PARA SA PROYEKTONG PANGKABUHAYAN NG MGA KOOPERATIBA AT MGA ORGANISADONG SAMAHAN SA BAYAN NG LUMBAN**

Akda ni: **Kgg. Rose Ann R. Añonuevo**

**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Lumban ay tanyag sa buong bansa sa produksyon ng mga habing burda at sa pagiging "Embroidery Capital of the Philippines", na kung saa'y pagbuburda ang siyang pangunahing industriya na pinagkakakitaan ng malaking bilang ng mga mamamayan, mula sa paghahanda ng mga disenyo hanggang sa pagbubuo ng mga magagarang baro at saya na tinatangkilik ng sambayanang Pilipino;

**SAPAGKAT,** ang maraming bilang ng mga Lumbeño ay patuloy na nangangailangan ng matatag na pagkakakitaan gaya ng mga hanapbuhay na nakaugnay sa pagbuburda dahil sa malawak nitong potensiyal sa pamilihan;

**SAPAGKAT**, ang mga Kooperatiba at mga organisadong samahan na nasa sektor ng pagbuburda ay kinakatawan ng mga kasaping mahihirap na nangangailangan ng suporta mula sa pamahalaan sa pamamagitan ng mga ayuda gaya ng makinang panahian na magagamit sa paghanapbuhay gayun din sa pagtuturo sa mga out of school youth na nangangailangan ng pagkakakitaan;

**DAHIIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo na pinangalawahan ni Kgg. Ireneo R. Baldovino at sinang-ayunan ng lahat nang mga dumalo, ay;

**IPINASIYA**, tulad nang dito'y **IPINASIYA** na mapitagang humiling sa Kgg. Senador Cynthia Aguilar Villar na mapagkalooban ang Pamahalaang Bayan ng mga makinang panahian (sewing machines) para sa proyektong pangkabuhayan ng mga Kooperatiba at mga Organisadong Samahan sa Bayan ng Lumban.

**IPINASIYA PA RIN,** ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa tanggapan ni Kgg. Senador Cynthia Aguilar Villar para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-23 ng Setyembre, 2019.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt092319res47*